ESP 1

Written Work No. 2 Quarter 1

Name: ________________________________ Date: ________ Score: _______

I. Basahin nang mabuti ang mga tanong. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga gawain ang nagpapakita ng kasiyahan sa mag-anak sa panahon ng pagkain sa hapag- kainan?

A. Pagpapaubaya sa lahat ng mga gawain.

B. Sama-sama at sabay-sabay kumain sa hapag- kainan.

C. Pag-aaway sa hapag-kainan.

2. Tinawag ka na para kumain, kaya lang hindi pa tapos ang pinapanood mo sa TV. Ano ang gagawin mo?

A. Magbingi-bingihan sa tawag ng ina para kumain.

B. Mas uunahin ang pinapanood sa T.V.

C. Sasabay sa pamilya sa pagkain.

3. Nais mong kumuha ng kanin pero ito'y malayo sa iyo. Ano ang sasabihin mo? A. Hoy! Kanin nga.

B. Kanin! Dalian mo.

C. Pakiabot nga po ng kanin.

4. Alin sa mga sumusunod ang magandang katangian na dapat taglayin mo?

A. Sumasabay sa mga magulang sa araw ng pagsisimba

B. Nakipaglaro sa kapatid habang nagdarasal ang mga magulang.

C. Kumuha na ng pagkain kahit nagdarasal pa.

5. Gusto mong sumama sa paglalaro sa iyong mga kaibigan ngunit sinabihan ka ng tatay mo na sumali sa «prayer meeting» sa inyong tahanan, ano ang gagawin mo?

A. Umiyak dahil ayaw ka nilang payagan.

B. Umalis na lang kahit alam mong magagalit sila.

C. Sumali muna sa «prayer meeting» at sabihan ang mga kalaro mo na pupunta ka na lang pagkatapos.

II. Isulat ang **TAMA** kung ang mga sumusunod na sitwasyon ay nagpapakita ng pagkakaisa sa pamilya sa pamamagitan ng pamamasyal at **HINDI** naman kung ito ay hindi nagpapakita.

1. Araw ng Sabado at napagpasyahan ng pamilya ni Iya na maligo sa dagat.
2. Pagkatapos magsimba ay namasyal sina Glen at ang pamilya niya sa parke.
3. Hindi pinayagang sumama si Edna sa paliligo sa ilog ng kanyang mga magulang ngunit nagpumilit siya at pumunta pa rin.
4. Nakikipagkulitan si Jessa sa kanyang mga kapatid.
5. Nagpapatawa si tatay habang nag-uusap ang buong mag-anak.

III. Tingnan ang mga larawan sa Hanay A at itambal sa Hanay B. Piliin ang titik ng tamang sagot.

Hanay A | Hanay B

1. 

A. nagdedede, naglalaro

1

B. nagwawalis ng sahig, nag-aayos ng laruan



2.

C. nagluluto, naglalaba,

D. namamasyal, naglalaro

3. 

E. nag-aararo, nagtatanim

F. nagdidilig, naglalampaso

4. 

G. nagbibigay ng mga regalo

5. 

IV. Sa inyong kuwadernong panggawain,iguhit ang masayang mukha ☺ kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagmamahal at pagmamalasakit at malungkot na mukha ☹ naman kung hindi.

1. Pagtitimpla ng gatas sa bunsong kapatid.
2. Lakasan ang radyo habang nagpapahinga ang lola na maysakit.
3. Iasa sa yaya ang pagbabantay sa nakababatang kapatid.
4. Tulungan ang kasambahay sa pamamagitan ng paghugas ng pinggan.
5. Bantayan ang kapatid habang natutulog sa duyan.